

XYLAZINE

Pangunahing Mensahe

Pag-overdose at Naloxone

Kung mukhang na-overdose ang isang tao, tumawag sa 911 at magbigay ng naloxone sa lalong madaling panahon. Hindi opioid ang Xylazine. Dahil kadalasang hinahalo ang xylazine sa mga opioid, maaaring mukhang katulad ng pag-overdose sa opioid ang pag-overdose sa xylazine, na kabilang ang paghilik, mabagal na pagtibok ng puso, humihina/kawalan ng paghinga, o kawalan ng malay. Makakatulong ang Naloxone sa taong na-overdose sa opioid ngunit mangangailangan ng pansuportang pangangalaga para sa mga epekto ng xylazine, kaya napakahalagang tumawag sa 911.

Ano ang Xylazine?

- Ang Xylazine, na kilala rin bilang tranq o tranq-dope, ay isang hindi opioid na pampakalma sa hayop (veterinary tranquilizer) na ginagamit bilang panghalo sa supply ng ipinagbabawal na gamot.
- Maaaring inumin, langhapin o singhutin, higupin ang usok, o iiniksyon ang Xylazine.
- Hinahalo ang Xylazine sa supply ng gamot dahil mura ito, madaling makuha at pinahuhusay nito ang epekto ng iba pang kontroladong kemikal.
- Ang Xylazine ang pinakakilalang hinahalo sa mga produktong naglalaman ng fentanyl, naiulat rin na hinahalo ito sa iba pang droga, kabilang ang cocaine at methamphetamine.
- Maraming tao ang walang kaalam-alam na gumagamit ng xylazine dahil ihihahalo ito sa iba pang gamot.

Ano ang mga pangunahing epekto ng paggamit ng xylazine?

- May pampakalmang epekto (sedating effect) ang xylazine na maaaring tumagal nang ilang oras. Kadalasang mas tumatagal ang pampakalmang epekto ng xylazine kaysa sa mga epekto ng mga kontroladong kemikal na inihahalo rito.
- Maaaring magdulot ang xylazine ng mababang presyon ng dugo, mabagal na pagtibok ng puso, at impeksyon sa balat o malambot na tisyu na kadalasang nangyayari sa mga extremity tulad ng mga braso at binti
- Kapag hinalo sa iba pang depressant ng central nervous system (lalo na sa fentanyl, benzodiazepines at alkohol), maaaring mapataas ng paggamit ng xylazine ang pagpapakalma at depresyon sa paghinga, na nagdaragdag ng panganib para sa pag-overdose.
- Dahil sa matagalang matinding pagpapakalma, maaaring magdulot ang xylazine ng mga pinsala sa ugat at kalamnan bilang resulta ng pananatili ng mga tao sa parehong posisyon sa loob ng ilang oras.

MGA MAPAGKUKUNAN

Tumawag sa 911 para sa agarang tulong para sa pag-overdose

Para sa higit pang impormasyon sa pagbabawas ng pinsala at mga estratehiya sa pagbabawas ng pinsala, pumunta sa National Harm Reduction Coalition (naka-link)

Tumawag sa 9-8-8 o sa Linya ng Access at Krisis sa 888-742-7240 para makipag-usap sa isang sinanay na tagapayo

Tumawag sa 2-1-1 para sa tulong sa paghahanap ng mga lokal na mapagkukunan kabilang ang naloxone, mga test strip ng fentanyl at MAT na paggamot



SUBSTANCE USE AND
OVERDOSE PREVENTION
TASKFORCE



Center for
Community
Research